Ang Tugon ng CDC sa **Zika**

ANG **MGA LARVICIDE** AY PUMAPATAY NG MGA BATANG LAMOK

Ang mga dunk ay isang uri ng larvicide na maaari mong gamiting pampatay ng mga batang lamok.

Maaari mo ring gamitin ang mga larvicide na likido, tablet, pellet, mga butil, at briquette.

www.cdc.gov

CS267364A Hulyo 20, 2016

Ang mga larvicide ay mga produktong makakatulong sa pagpigil sa mga lamok sa labas ng iyong bahay.

Gumagana ang mga ito sa pamamagitan ng pagpatay sa mga batang lamok bago sila magiging nangangagat na matatandang lamok. Kapag ginamit ayon sa tagubilin sa etiketa ng produkto, ang mga larvicide ay hindi nakakapinsala sa tao, mga alagang hayop, o sa kapaligiran. Gamitin ang mga larvicide kung saan nangingitlog ang mga lamok. Ang mga lamok ay nangingitlog sa mga bagay na nagtataglay ng tubig.

- Mga bariles ng tubig ulan
- Mga takip ng palanguyan na nagtitipon ng tubig
- Mga fountain
- Mga poso negro
- Mga kanal at alulod
- Hindi nalagyan ng chlorine na palanguyan

Gamitin ang mga larvicide upang gamutin ang nakatigil na tubig na hindi maaaring takpan, itapon o alisin at hindi gagamiting inuming tubig.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpuksa ng mga lamok sa tahanan, bumisita sa www.cdc.gov/zika/prevention/controlling-mosquitoes-at-home.html